**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 12, 85-93




# Mga pamahiin sa patay: Isang pag-aaral sa mga paniniwala at persepsyon ng mga Pilipinong Gen Z

Casinillo, Joshua ✉
*Leyte Normal University, Philippines (casinillojoshua16@gmail.com)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 25 May 2025 **Revised**: 14 June 2025 **Accepted**: 20 June 2025
**Available Online**: 22 June 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25165

***Abstract***

This study focuses on the personal beliefs and perceptions of Generation Z regarding superstitions related to death. Using a qualitative approach, the researcher examined Gen Z's knowledge of death-related superstitions and how these beliefs influence the attitudes and behaviors of the younger generation. The findings show that while many Gen Z individuals are aware of traditional superstitions, their adherence to these beliefs varies. Factors such as personal experience, cultural upbringing, and exposure to scientific knowledge shape their perspectives. The study highlights that despite modernization and the influence of Western culture, today's youth continue to carry traditional beliefs inherited from their ancestors, emphasizing the enduring significance of superstitions in Filipino society.

***Keywords:*** belief systems, cultural influence, death rituals, Filipino culture, superstitions

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

# Mga pamahiin sa patay: Isang pag-aaral sa mga paniniwala at persepsyon ng mga Pilipinong Gen Z


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa personal na paniniwala at persepsyon ng mga Generation Z tungkol sa mga pamahiin sa mga patay Gamit ang isang qualitative approach, sinuri ng mananaliksik ang kaalaman ng mga Gen Z sa pamahiin sa patay, at ang impluwensya ng mga paniniwalang ito sa mga saloobin at pag-uugali ng mas batang henerasyon. Ipinakikita ng mga natuklasan na habang maraming indibidwal ng Gen Z ang nakakaalam ng tradisyonal na mga pamahiin, ang kanilang pagsunod sa mga paniniwalang ito ay nag -iiba-iba. Ang mga salik tulad ng personal na karanasan, pagpapalaki sa kultura, at pagkakalantad sa kaalamang siyentipiko ay humuhubog sa kanilang mga pananaw. Binibigyang-diin ng pag-aaral na sa kabila ng modernisasyon at impluwensya ng kultura ng Kanluran, ang mga kabataan ngayon ay patuloy na nagdadala ng mga tradisyonal na paniniwala na minana mula sa kanilang mga ninuno at binibigyang-diin ang patuloy na kahalagahan ng mga pamahiin sa lipunang Pilipino.


***Susing salita***: kulturang Pilipino, modernisasyon, tradisyunal na paniniwala

## 2. Ang Suliranin at Kaligiran Nito

***Panimula o Introduksyon -*** Ang mga paniniwala ay isang ideya at konsepto na pinaniniwalaang totoo sa kabila ng kawalan o di sapat na ebidensyang empirikal para suportahan ito. Ito ay kabilang sa kultura ng isang lugar kung saan ito ay maaaring maging batay sa personal na karanasan, tradisyon, relihiyon, kultura, o emosyon. Isa sa mga paniniwala na pinaniniwalaan kahit walang lohikal na patunay ay ang mga pamahiin. Ang mga pamahiin ay paniniwalang nagpapaliwanag sa mga kaugalian na may kaugnayan sa mga pangyayari, bagay o mga gawain, ngunit walang basehan o lohikal na dahilan sa maaaring kahihinatnan nito (Soriano, 2015). Ito ay pagbibigay ng pananalig sa isang bagay o sitwasyon na walang matibay na patunay. Matagal nang nakaugat ang kulturang ito sa Pilipinas. Kung babalikan ang kasaysayan, bago pa man lumaganap ang iba't ibang relihiyon sa Pilipinas sa paliwanag nina Enriquez (1994), Covar (1998) at Obusan (1998) ay mayroon nang mga paraan ang mga sinaunang Pilipino o ating mga ninuno sa pakikipag-ugnayan sa mga hindi nakikita na tinawag ng mga dayuhang nanakop bilang mga pamahiin.

Pangkaraniwang laganap ang mga pamahiin sa Pilipinas lalo na sa mga probinsya sa bansa. Isa ito sa mga kaugaliang namana natin sa ating mga ninuno na kung may hindi kanais-nais na pangyayari, binibigyan natin ito ng koneksyon sa kapaligiran. Sa isang pagaaral ni Antazo (2019), binigyang-diin niya na bahagi na ng kulturang Pilipino ang paniniwala sa mga pamahiin dahil itinuturing na ito bilang isang tradisyon na namana sa mga ating mga ninuno kabilang na ang mga bansang sumakop sa Pilipinas noon. Lumaganap ito sa pamamagitan ng patuloy na pagsasalin ng mga karanasan at kaugalian ng mga nakakatandang Pilipino na sundin at gawin ang mga pamahiin upang makaiwas sa malas at di-kanais nais na mga pangyayari. Maraming pamahiin ang bawat lugar at iba-iba ang kanilang paniniwala ukol dito. May pamahiin sa kasal, bagong panganak, buntis, binyag, at semana santa. Ilan sa mga ito ay ang paghahagis ng bigas sa bagong kasal ay nagdadala ng masaganang buhay sa mag-asawa, huwag kumuha ng litrato kapag tatlong tao lang dahil ang nasa gitna ang unang mamamatay, ang pagluluto ng pansit sa kaarawan ay nagbibigay ng mahabang buhay at marami pang iba.

Bukod sa mga nabanggit na mga pamahiin, isa din sa pinakakilalang pinaniniwalaan ay ang pamahiin sa patay o sa tuwing may namatay na kaanak. Maraming paniniwala tungkol dito lalo na sa mga dapat at hindi dapat gawin upang maiwasan ang malas. Ang iilan sa mga pamahiin tungkol sa mga patay ay bawal pagpatung-patungin ang mga plato baka magkakasunod-sunod ang mamamatay, bawal mag-uwi ng pagkain galing sa hinanda ng namatayan dahil pwedeng maiuwi ang malas galing sa patay. Kung buntis bawal

dumungaw sa patay dahil mahihirapan daw itong manganak at pwedeng mamatay din ang bata habang nasa sinapupunan. Bawal matulog ang lahat sa pinaglalamayan dapat laging merong gising na nakabantay dahil baka kunin ng aswang ang patay kung walang may nagbabantay, sa unang abuloy ng patay kailangan ipaypay sa pinto ang pera ng tatlong beses para marami pa ang tutulong o magbigay ng abuloy. Ang mga pamahiing ito ay naging parte na ng kulturang Pilipino kaya ang pagiging paniwalain sa mga pamahiin ay tatak na ng pagiging Pilipino.

Sa patuloy na pag-unlad at pagyabong ng panahon, patuloy din na nagbabago ang mga tao lalo na at may iba't-ibang henerasyon na makikita sa lipunan. Ang grupo ng henerasyon ay may iba't-ibang katangian lalo na at ipinanganak ang mga taong ito sa ibaibang panahon. Isang uri ng henerasyon ay ang Henerasyon Z o Generation Z na kinabibilangan ng mga indibidwal na ipinanganak sa taong 1997- 2012. Kilala ang mga taong ipinanganak sa mga taong ito sa kanilang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya, kung kaya sila ay pinaniniwalaang malikhain, at bukas ang isip. Sa kadahilanang ipinanganak ang mga Gen Z sa pag usbong ng teknolohiya, nakikita nila ang mga bagay-bagay sa iba't-ibang pananaw at hindi sila nalilimitahan sa mga tradisyunal na paniniwala tulad ng pamahiin. Sa bawat problema na kanilang kinakaharap, bumubuo sila ng mga bagong solusyon o nakikipagtulungan sa iba lalo na at maaari nang makipag-usap sa ibang tao na nasa malayo dahil sa teknolohiya. Sa kanilang patuloy na paggamit ng umuusbong na social media ay nakabubuo sila ng kamalayan sa mga nangyayari sa paligid at nababatid ang mga sanhi at epekto nito. Dahil dito ay unti-unting nawawala ang mga paniniwala tulad ng pamahiin na noon ay nagiging gabay ng mga ninuno sa kanilang pamumuhay. Sa pagiging moderno ng panahon ay nakakalimutan na at hindi na naibabahagi ang iba't -ibang pamahiin na masasasabi nating parte ng ating kultura.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Layunin ng pag-aaral na makalikom ng mga impormasyong tungkol sa paniniwala at persepyon ng Generation Z sa mga pamahiin tungkol sa patay. Nilalayon nito na matugunan ang mga sumusunod na layunin:

1. Mailahad ang mga alam na paniniwala ng mga Gen Z sa mga pamahiin sa patay,

2. Mailarawan ang persepsyon at paniniwala ng Generation Z sa mga pamahiin sa patay.

3. Malaman kung may 87ahalagahan ang mga pamahiin sa pamumuhay ng mga nabibilang sa kasalukuyang henerasyon

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa personal na paniniwala at persepsyon ng mga Generation Z tungkol sa mga paniniwala partikular sa pamahiin sa mga patay. Ito ay isang uri ng case study dahil ilalarawan at ipapaliwanag nito ang mga persepsyon at paniniwala ng mga Gen Z sa mga nakagisnang pamahiin sa patay. Ayon kay Coombs (2002), ang case study ay isang qualitative research approach na ginagamit upang makabuo ng malalim na pagunawa sa isang kontemporaryong isyu o pangyayari. Ito din ay partikular na kapakipakinabang na gamitin kapag may pangangailangan na makakuha ng malalim na pagpapahalaga sa isang isyu, kaganapan o kababalaghan ng interes, sa natural nitong konteksto sa totoong buhay.

***Mga Kalahok ng Pananaliksik -*** Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng dalawampung (20) respondente na pasok sa uri o kategorya na Generation Z o ang mga taong ipinanganak sa mga taong 1997 hanggang 2012. Batay sa partikular na kwalipikasyon, ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga may edad na 12 hanggang 27 na taong gulang.

***Pamamaraan ng Pagpili ng Kalahok -*** Sa pag-aaral na ito kung saan mayroong espisipikong kwalipikasyon, gumamit ang mananaliksik ng purposeful sampling method dahil kinakailangang piliin ang mga respondenteng may mga tiyak na katangian o karanasan na may kaugnayan sa paksang pinagaaralan. Ang purposeful sampling method ay ang pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal o grupo ng mga indibidwal na partikular na may kaalaman o karanasan hinggil sa pinag - aaralang paksa o interes (Cresswell & Plano Clark, 2011).

***Instrumento ng Pananaliksik -*** Upang makapangalap ng kinakailangang opinyon at sagot galing sa mga respondente na mahalaga para sa pag-aaral, ang mananaliksik ay nagsagawa ng one-on-one interview gamit ang interview guides. Nagbahagi rin ng open-ended sarbey-kwestyoner o talatanungan ang mananaliksik sa ibang respondente na isinagawa online gamit ang Google Forms.

***Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos -*** Isinangguni ng mananaliksik ang nagawang talatanungan sa kanilang research coordinator bago ito ginawan ng open-ended sarbey-kwestyoner sa Google Forms. Matapos gawin ang kwestyoner, pumili ang mananaliksik ng mga respondenteng pasok sa Generation Z na nasa edad na 12 hanggang 27 na taong gulang. Pagkapili ng respondente ay ipinabatid ng mananaliksik ang layunin ng kanyang pag-aaral at kung ano ang mga inaasahan sa kanila bilang respondente, ibinigay din ang informed consent para maipahayag at madokumento ang kanilang pagpayag sa pagsali sa pag-aaral. Nagtakda ng iskedyul ang mananaliksik para sa mga makakapanayam ng personal at online gamit ang Messenger o Google Meet. Para naman sa ibang respondente na hindi pumili ng interview, binigyan sila ng sarbey-kwestyoner sa pamamagitan ng link ng Google Forms na naglalaman ng mga open-ended na tanong para kanilang sagutan.

***Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos -*** Ang mga datos na nakuha at nakalap mula sa interview o panayam at sarbeykwestyoner ay sinuri gamit ang thematic analysis, kung saan iniisa-isa ang mga tema o kategorya na lumitaw sa mga datos, ini-ugnay ang mga tema at binigyan ng interpretasyon. Ang thematic analysis ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang tukuyin at bigyang-kahulugan ang mga pattern o tema sa isang set ng data; madalas itong humahantong sa mga bagong pananaw at pag-unawa (Elliot, 2018). Bilang gabay sa pagsasagawa ng thematic analysis ay ginawang gabay sa pagsusuri ang six-phase guide nina Braun & Clarke (2012). Unang ginawa ng mananaliksik ay ang pag-pamilyar sa mga datos, sumunod ang pagbuo ng mga paunang code bago ang paghanap ng mga tema. Matapos makahanap ng mga tema ay sinuri ito kung maaari itong maging potensyal na tema upang matukoy at mabigyan ng pangalan. Pagkatapos ng lahat ng proseso ay gagawin na ang ulat.

***Kredibilidad ng Pananaliksik -*** Upang matiyak ang bisa at tiwala sa resulta ng pag-aaral ay ginamit ang triangulation at member checking. Sa pamamagitan ng triangulation ay inihambing ang mga datos na nakalap mula sa interview sa nakalap mula sa mga sarbey. Ginamit din ang member checking kung saan ipinabasa sa mga kalahok ang mga resulta ng pag-aaral upang matiyak na tama ang interpretasyon ng mananaliksik sa kanilang mga sagot.

***Etikal na Pagsasaalang-Alang -*** Nagbigay ng informed consent ang mananaliksik sa mga napiling respondente bago sinimulan ang panayam at pamamahagi ng sarbey-kwestyoner. Ito ang pamamaraan ng mananaliksik upang manghingi ng pahintulot mula sa mga respondente na mangalap at mangolekta ng datos galing sa kanila at masiguro na ang mga datos na nakuha mula sa kanila ay tiniyak na may kumpidensyalidad at anonymity. Kasama din sa ginawang informed consent ang pagbibigay ng impormasyon sa kanila na maaari o may karapatan silang umatras sa anumang bahagi ng pag-aaral ng walang anumang kapalit na parusa.

## 4. Resulta, pagtatalakay, at konklusyon

***Resulta ng Pag-aaral -*** Mga alam na paniniwala ng mga Generation Z sa mga pamahiin sa patay Batay sa nakalap na datos sa panayam o interview at sarbey kwestyoner, inilalahad ng unang talahanayan ang mga naging kasagutan ng mga respondente kung ano ang kanilang mga nalalaman na mga pamahiin sa patay. Ipinapakita rin sa talahanayan ang dami o kung gaano kadalas naging sagot ang mga pamahiin. Lumalabas sa resulta na karamihan ay alam ang pamahiing tungkol sa pinagbabawal na pagdadala ng pagkain galing sa burol. May kaalaman din ang ilang respondente sa mga paniniwalang bawal magwalis, hindi maaaring maluhaan ang kabaong, at ang bawal pagsuot ng kulay pulang damit sa burol. May iilan din na nakapagbahaging kinakailangang tingnan ang nakaburol kung dadalo sa burol at ang pagpapagpag bago umuwi pagkatapos ng libing. Mayroon ding mga respondenteng nakapagbahagi ng natatanging paniniwala tulad ng bawal panglingon pagkalabas ng sementeryo pagkatapos maglibing.

**Talahanayan 1**
*Dami at kadalasan ng sagot patungkol sa alam na mga pamahiin sa patay*

| Mga Paniniwala sa Patay | Kadalasan ng sumagot |
|---|---|
| Bawal magdala ng pagkain galing sa burol | 6 |
| Bawal magwalis | 4 |
| Maglagay ng sisiw sa kabaong para makonsensya ang nagpatay sa patay kung ito ay pinatay | 1 |
| Bawal luhaan ang kabaong | 4 |
| Magpagpag bago umuwi o pumasok ng bahay | 3 |
| Kailangang tingnan ang nakaburol kung dadalo sa burol | 3 |
| Bawal magsuot ng kulay pulang damit sa burol | 4 |
| Bawal magnakaw ng abuloy | 1 |
| Dapat maunang lumabas ang sasakyan ng patay | 1 |
| Bawal lumingon pagkalabas ng sementeryo | 1 |

***Ang persepsyon at paniniwala ng Generation Z sa mga pamahiin sa patay.***

Sa mga nakalap na kasagutan ng mga respondente sa ginawang panayam at pagpapasagot ng sarbey kwestyoner, ang mga sumusunod na tema ay nahinuha matapos ang masusing pagsusuri gamit ang thematic analysis.

**Theme 1. Generational Beliefs**

Batay sa pagsusuri, ang persepsyon na paniniwala ng mga Generation Z sa pamahiin ay dahil sa pagpapasa-pasa ng isang paniniwala sa isang henerasyon patungo sa susunod. Ang mga generational belief ay maaaring magkaroon ng malaking impluwensya sa kung paano natin nakikita ang mundo at kung paano tayo nakikipag-ugnayan sa iba.

**Subtheme A. Impluwensiya ng Tradisyon**

Maraming mga respondente ang nagbibigay halaga sa mga pamahiin bilang bahagi ng kultura at tradisyon. Ayun sa sagot ng isang respondenteng si Krystel:

> *"Opo, ako po ay naniniwala bilang isang pilipino at nasa yapak na rin tradisyon na natin ito"*

Pareho rin ito sa naging kasagutan ni Kristine:

> *"Naniniwala ako dahil ito ay bahagi na ng tradisyon ng ating mga ninuno."*

**Subtheme B. Paggalang sa mga nakakatanda**

Nakikita rin nila na ang paniniwala sa mga pamahiing ito ay isang paraan sa paggalang sa kanilang mga ninuno o nakakatanda at bilang pagpapatuloy sa kanilang paniniwala.

Ayon sa naging kasagutan ni Jake:

> *"Opo, naniniwala ako dahil yon din ang mga sabi nang matatanda"*

Ang kasagutang ito ay pareho sa naging kasagutan ni Catherine:

> *"Opo, dahil mahigpit na bilin ito sa amin ng aming lola."*

Ayon din sa isang panayam kay Rhyzel:

> *"Sinusunod ko ang mga pamahiing ito bilang paggalang sa kanilang paniniwala at upang makaiwas sa anumang hindi kanais-nais."*

**Theme 2. Pagkakaiba ng Pananaw**

Sa mga naging kasagutan ng mga respondente, mahihinuhang may iba't ibang pananaw ang mga Generation Z sa paniniwala sa mga pamahiin tulad ng sa patay. Mayroong iba na buo ang paniniwala, mayroon din naman

na hindi naniniwala dahil sa kawalan ng pagpapaliwanag ng agham.

Ayon sa kasagutan ni Isabel:

> *"Ako ay naniniwala dahil may mga kwento ng karanasan na tila nagpapatunay sa bisa ng pamahiin"*

Buo rin ang paniniwala ng isang respondenteng si Angel, kung saan ayon sa kanya:

> *"Oo, naniniwala ako sa mga ganyang pamahiin dahil wala namang mawawala kung susundin at paniniwalaan ang mga ito"*

Ngunit sa mga kasagutang ito, sinalungat ito ni Mark:

> *"Hindi ako naniniwala sa mga pamahiin tulad ng sa patay dahil wala itong koneksyon sa siyensiya"*

Salungat din ang naging kasagutan ni May na nagsabing:

> *"Hindi. Death is inevitable. If panahon mo na talagang mamatay wala nang makakapigil."*

**Theme 3. Kasalungatan ng Paniniwala**

May mga respondente na nagpapakita ng pagkakasalungatan sa kanilang paniniwala. Sa isang banda, mayroon silang pag-aalinlangan sa mga pamahiin ngunit sa kabilang banda, mayroon din silang paniniwala na may mga bagay na hindi kayang ipaliwanag ng siyensya.

**Subtheme A. Pag-aalinlangan**

Marami sa mga naging kasagutan ng mga respondente ay nagpapakita ng pag-aalinlangan na maniwala sa mga pamahiin. Makikita sa kanilang kasagutan ang kawalan ng katiyakan.

Sa tanong kung naniniwala ba sila sa pamahiin sa patay, ang naging pahayag ni Alex:

> *"Depende, hindi ko rin naman masasabi kung lahat ng iyon ay may katotohanan, maaring totoo o hindi."*

Ganoon din ang naging kasagutan ni Love:

> *"Sa tingin ko ay oo, may punto sila pero ito ay nakadepende parin sa tao kung maniniwala o hindi"*

Sa isang panayam naman, ang naging pahayag ni Joy:

> *"Kahit na walang basehan sa siyensya ang mga pamahiin, naniniwala ako na may mga bagay na hindi kayang ipaliwanag na nangyayari sa ating paligid na kinakailangang i-konsidera, paniwalaan, at bigyang respeto."*

***Kahalagahan ng pamahiin sa pamumuhay ng mga kabilang sa Generation Z***

Matapos ang masusing pagsusuri mula sa mga nakuhang kasagutan at naging pahayag ng mga respondente, nahinuha ang sumusunod na mga tema.

**Theme 1. Pag-iingat at Kaligtasan**

Maraming respondente ang naniniwala sa kahalagahan ng pamahiin sa pagbibigay ng kaligtasan sa mga naniniwala nito upang maiwasan ang mga hindi kaaya-ayang maaaring mangyari. Para sa kanila hindi rin naman nakakabawas sa kung anuman kung maniniwala sila rito.

**Subtheme A. Pag-iwas sa Malas**

Maraming respondente ang naniniwala na ang pagsunod sa mga pamahiin ay isang paraan upang maiwasan ang malas o mga hindi magandang pangyayari.

Ayon sa naging sagot ni Jean:

> *"Opo, as a person na naniniwala sa mga hindi nakikita ng mga tao at naka experience na ng mga hindi maipaliwanag na pangyayari ay talagang nag-iingat akong sundin ang bawat pamahiin na nalalaman ko hindi lang para sa kaligtasan ko kundi pati na rin sa kaligtasan ng mga taong nakakasalamuha ko."*

Sa pahayag naman ni Alex:

> *"Lahat naman ng bagay ay nangyayari na hindi inaasahan, kung mayroon man ito magiging epekto sa akin maari ko sundin ang mga pamahiin na magiging pangontra laban doon."*

**Theme 2. Indibidwal na Karanasan**

Maraming respondente na magkaiba-iba ang naging kasagutan dahil sa naging personal na karanasan at iba't-ibang paniniwala.

**Subtheme A. Personal na Paniniwala**

May mga respondenteng nagpahayag na ang mga paniniwala sa mga pamahiin ay madalas na nakabatay sa mga personal na karanasan. Mayroong naniniwalang mayroong kahalagahan ang pamahiin sa kanila, mayroon din na hindi sumang-ayon.

Ayon sa naging pahayag ni Isabel:

> *"Oo, ang maidudulot ng pamahiin ay depende kung paano ito isinasabuhay. Maaaring Nakakatulong itong magbigay ng direksyon at koneksyon sa tradisyon. Ngunit maaari ring magdulot ito ng hindi kinakailangang limitasyon o pag-aalala sa buhay."*

Sa kabilang banda, iba naman ang naging kasagutan ni May:

> *"Hindi. Kasi lahat ng mga pamahiin ay probably nilabag ko na. Kaya it is a matter of mindset lang talaga at gaano ka ka firm sa faith o paniniwala mo."*

Ayon naman kay Mark:

> *"Hindi ako naniniwala dahil tayo parin ang ang may responsibilidad sa mga bagay na may maidudulot sa ating buhay at wala ito sa pamahiin lamang."*

## 5. Pagtatalakay ng mga Datos

Ang pananaliksik na ito ay isang masusing pagsusuri sa mga paniniwala at persepsyon ng Generation Z tungkol sa mga pamahiin sa patay. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, makikita na marami pa rin sa mga Gen Z ang may kamalayan at kaalaman tungkol sa iba't ibang pamahiin. Marami sa kanila ang may alam sa mga bawal at hindi dapat gawin tuwing may patay tulad ng bawal na pagdala ng pagkain sa lamay, bawal na pagwalis, bawal maluhaan ang kabaong at bawal na magsuot ng pula at marami pang iba. Ang resultang ito ay nagpapakita na sa kabila ng pagiging modernisado ng panahon, ang mga paniniwala sa pamahiin ay patuloy na binibigyang halaga at nananatiling buhay sa lipunan at kaisipan ng mga kabataan. Katulad ito sa naging pag-aaral nina Maqsood et al. (2018), na kanilang ipinaliwanag na ang mga pamahiin ay nananaig sa ating lipunan sa kabila ng kasalukuyang modernisasyon at enlightenment.

Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang persepsyon at paniniwala ng mga Gen Z sa mga pamahiin ay

impluwensiya ng nakakatanda. Marami sa kanila ang naniniwala sa mga pamahiin dahil sa mga kuwentong napakinggan mula sa kanilang mga magulang o lolo't lola. Maaaring dahil ito sa kultura ng mga Pilipino na paggalang sa nakakatanda at tradisyon kung saan kailangang sundin ang kanilang mga pangaral. Ito ay sumusuporta sa resulta ng pag-aaral nina Bautista et al. (2020), na kung saan kanilang ipinaliwanag na binibigyan ng respeto at paggalang ng mga Gen Z ang mga tradisyon at nakakatanda kahit kakaiba ito sa kanilang kinagisnan. Sa kabila ng paniniwala sa pamahiin ng karamihan, mayroon ding mga nagpapakita ng taliwas na paniniwala tungkol dito. Isa marahil sa dahilan ay ang pag-aaral ng siyensya na nagbibigay lawak sa kaalaman ng tao upang maging mapanuri at rational. Ito ay naaayon sa pag-aaral nina Marks et al. (2008), kung saan nahinuha nila na ang makatuwirang pag-iisip ay nauugnay sa hindi gaanong mapamahiin na mga paniniwala.

Malinaw din na ipinapakita batay sa naging resulta ng pag-aaral na ang pamahiin ay may malaking impluwensya sa mga kabataan sa Generation Z, partikular na sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at mga desisyon. Kadalasan na nakaugat ang kanilang paniniwala sa kanilang personal na karanasan. Maraming kabataan ang naniniwala na ang pamahiin ay nagsisilbing isang uri ng gabay o proteksyon laban sa mga hindi kanais-nais na pangyayari. Ang resultang ito ay tulad ng naging resulta ng pag-aaral nina Arcilla et al. (2021), na kung saan ayon sa kanilang pag-aaral tingin ng mga Gen Z na magsilbing gabay ang pamahiin sa pagbuo ng desisyon.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga pamahiin ay patuloy na may kaugnayan sa buhay ng mga kabataan sa kabila ng mga pagbabago sa lipunan at kultura. Ang pag-unawa sa mga paniniwala at persepsyon ng mga Gen Z tungkol sa mga pamahiin ay mahalaga upang mas maintindihan natin ang kanilang mga pagpapahalaga at kung paano sila nakikipag-ugnayan sa mundo sa kanilang paligid.

## 6. Konklusyon

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng isang mas malalim na pag-unawa sa mga paniniwala ng Gen Z tungkol sa pamahiin. Sa kabila ng pagdating ng modernisasyon at impluwensya ng kultura ng Kanluran, ang mga kabataan ngayon ay patuloy na nagdadala ng mga tradisyonal na paniniwala na minana mula sa kanilang mga ninuno. Bagama't hindi lahat ng pamahiin ay direktang nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay, ang mga ito ay nananatiling isang mahalagang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at kultura. Pag-aaral na ito ay nagpapakita na marami sa mga mag-aaral mula sa Generation Z ang nananatiling may kamalayan at konektado sa mga pamahiing Pilipino. Nagbibigay ito ng oportunidad sa mga mag-aaral upang higit na pag-aralan, pag-isipan, at suriin ang kahalagahan ng mga tradisyon sa gitna ng makabagong panahon. Maaaring gamitin ng mga guro ang mga pamahiin bilang punto ng diskurso sa mga asignatura tulad ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Agham. Halimbawa, maaaring gamitin ang usapin ng pamahiin bilang panimulang diskurso upang pag-usapan ang kultura, tradisyon, at ang papel ng agham sa pagbibigay paliwanag sa mga paniniwala. Ang pag-aaral ay nagsasalungat sa karaniwang persepsyon na ang henerasyon Z ay walang respeto sa mga tradisyon at kultura. Sa halip, ipinakikita nito na maraming kabataan ang nagpapahalaga sa kanilang mga ugat at patuloy na nagsusumikap na mapanatili ang mga ito. Ang pagiging maingat sa mga pamahiin ay isang paraan ng paggalang sa kanilang mga magulang, lolo't lola, at sa mga naunang henerasyon.

***Acknowledgement -*** The researcher wishes to express sincere gratitude to all those who contributed to the completion of this study. First and foremost, heartfelt thanks are extended to **Leyte Normal University** for the academic support and guidance provided throughout the research process. The researcher is also deeply grateful to Dr. Portillo who offered his insights and encouragement, particularly during the proposal and data gathering phases. Special appreciation is given to the participants of this study for generously sharing their time, experiences, and perspectives, which served as the foundation of this research. To family and friends, thank you for your unwavering support, patience, and motivation throughout this journey. Above all, the researcher gives thanks to God for the wisdom, strength, and perseverance that made this work possible.

## 7. Sanggunian


Antazo, R. (2019). Mga Pamahiin Noon at Ngayon sa Buong Mundo. *PhilippineOne*. https://philippineone.com/mga-pamahiin-noon-at-ngayonsa-buong-mundo-2/

Arcilla, S., Garcia, M. A., Gonzales, N. A., Manuel, N. J., Neri, L., Ong, G., & Tan, C. G. (2021). Pag-aaral patungkol sa Paniniwala sa mga Pamahiin at Pagtuklas sa Epekto nito sa Paggawa ng mga Desisyon ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Unibersidad ng Mapúa Senior High School T.P 2020-2021. *Scribd*. https://www.scribd.com/document/666295280/Pinal-Na-Pananaliksik-GRP3-IA101-1-2-2-1

Bautista, C. A., Sampol, V. C., Guinares, T. & Tohoy, C. A. (2020). Pamahiin sa Kontemporaryong Panahon At Importansya Nito Sa Gen Z. *Academia*. https://www.academia.edu/44041955/Pamahiin_sa_kontemporaryong_panahon_at_importansya_nito_sa_Gen_Z

Braun, V. & Clarke, V. (2012) Thematic analysis. In H. Cooper, P. M. Camic, D. L. Long, A. T. Panter, D. Rindskopf, & K. J. Sher (Eds), APA handbook of research methods in psychology, Vol. 2: Research designs: Quantitative, qualitative, neuropsychological, and biological (pp. 57-71). Washington, DC: American Psychological Association.

Coombs, Hayden. (2022). Case Study Research Defined [White Paper]. 10.5281/zenodo.7604301.

Covar, P.R. (1998). Larangan: Seminal essays on Philippine culture. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Cresswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2011). Designing and conducting mixed methods research.

Elliott V. (2018). Thinking about the coding process in qualitative data analysis. Qualitative Report, 23(11), 2850–2861. https://doi.org/10.46743/2160-3715/2018.3560

Enriquez, V.G. (1994). Pagbabagong dangal: Indigenous psychology and cultural movement. Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino.

Maqsood, A., Jamil, F., & Khalid, R. (2018). Thinking Styles and Belief in Superstitions: Moderating Role of Gender in Young Adults. Pakistan Journal of Psychological Research. Vol. 33, No. 2, 335-348

Marks, A. D., Hine, D. W., Blore, R. L., & Phillips, W. J. (2008). Assessing individual differences in adolescents' preference for rational and experiential cognition. Personality & Individual Differences, 44(1), 42-52.

McLeod, S. (2024, February 2). Operant Conditioning: What It Is, How It Works, and Examples. SimplyPsychology. https://www.simplypsychology.org/operant-conditioning.html

Obusan, T.B. (pat.) (1998). Roots of Filipino Spirituality. Quezon City: Mamamathala.

Soriano, E.R. (2015, March 6). Ang mga Paniniwalang Taglay ng mga Pilipino. Wordpress. https://uclaliwanagatdilim2015.wordpress.com/2015/03/06/1302/